



Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF ROXAS

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG IKA – 110 REGULAR NA PAGPUPULONG NG IKA – 11 SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, ORIENTAL MINDORO NA GINANAP NOONG SETYEMBRE 16, 2024, IKA – 1:00 NG HAPON SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIANG BAYAN

Mga Dumalo:

Municipal Vice Mayor Jerwin S. Dimapilis	- Tagapangulo
Konsehal Robert S. Quiatchon	- Miyembro
Konsehal Lucille T. Bacay	- Miyembro
Konsehal John John S. Yason	- Miyembro
Konsehal Juan Rafael M. Talens	- Miyembro
Konsehal King Philip B. Dimapilis	- Miyembro
Konsehal Robert A. Baticos	- Miyembro
Konsehal Veil Charlleo B. Cusi	- Miyembro
Konsehal Marietta R. Pajila	- Miyembro
Konsehal Hermis S. Catapang	- Pangulo, Liga ng Barangay
Konsehal Sheikinah Grace C. Sanz	- Pangulo, MSKF

Hindi Nakadalo:

WALA

KAPASYAHAN BLG. 578
Taong 2024

KAPASYAHANG NAGPAPAABOT NG TAUSPUSONG
PAKIKIRAMAY AT PAKIKIDALAMHATI SA MGA NAULILA
NG YUMAONG SPO2 MATEO A. BULACLAC NG TANGGAPAN
NG PULISYA NG ROXAS, ORIENTAL MINDORO

SAPAGKA'T si SPO2 Mateo A. Bulaclac ay naglingkod bilang isang alagad ng batas sa mahabang panahon;


SAPAGKA'T ang paglilingkod niyang ito bilang tagapaglingkod ng kapayapaan at kaayusan ng bayan ay nagsimula noong Mayo 16, 1974 hanggang sa kanyang pagri-retiro noong Oktubre 21, 2007;

SAPAGKA'T sa buong panahon ng kanyang panunungkulan bilang alagad ng batas, hindi niya inalintana ang mga panganib sa kanyang buhay upang maisagawa lamang ang nararapat para sa ikabubuti ng mga mamamayan;

SAPAGKA'T ang kanyang pagpanaw ay isang malaking kalungkutan at kawalan sa kanyang butihing maybahay at mga anak, ganundin sa mga dating kasamahan sa Tanggapan ng Pulisya ng Roxas, Oriental Mindoro;

SAPAGKAT, ang Sangguniang Bayan ng Roxas, sampu ng mga namumuno at mga kawani ng pamahalaang bayan ay lubos na nakikiramay sa mga naulila ni SPO2 Mateo A. Bulaclac.

DAHIL DITO sa mungkahi ni Kgg. Juan Rafael M. Talens at sa nagkakaisang mungkahi ng lahat


JERWIN S. DIMAPILIS



FERDINAND V. TALENS, MPA

IPINASYA, tulad ng pagpapasyang ito na ipaabot sa pamilya ng yumaong SPO2 Mateo A. Bulaclac ang taupusong pakikiramay at pakikidalamhati ng Sangguniang Bayan, at ng mga namumuno at kawani ng pamahalaang bayan ng bayang ito.

IPINASYA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito sa pamilya ng yumaong SPO2 Mateo A. Bulaclac lakip ang taupusong pakikiramay at pakikidalamhati.

Pinagtibay: 16 Setyembre 2024

PINATUTUNAYANG WASTO:


FERDINAND V. TALENS, MPA
Kalihim ng Sangguniang Bayan

PINAGTIBAY:


JERWIN S. DIMAPILIS
Tagapangulo


PMSg Raul S. Rodas Jr.
09-19-24
9:56 AM